ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LII Blg. 22
Nobyembre 21, 2021
www.cpp.ph




EDITORYAL

# Labanan ang bulok at pasistang alyansang Marcos-Duterte!

Katulad ng inaasahan, nabuo ang alyansang pang-eleksyon ng mga Marcos, Arroyo at Duterte (MAD) sa anyo ng pagtakbo ng tambalang Ferdinand Marcos Jr. (Bongbong) bilang presidente at Sara Duterte-Carpio bilang bise-presidente sa eleksyong 2022. Nabuo ang tambalang ito matapos ang tusong mga maniobrahan, girian at negosasyon sa pagitan nitong mga pangkating pinakaganid sa poder, yaman at pribilehiyo.

Binubuo ang alyansang ito ng pinakabulok at pasistang mga pangkating reaksyunaryo sa Pilipinas. Ang panahon ng paghahari ng mga ito sa Pilipinas ang pinakamadidilim na panahon sa kasaysayan ng bansa. Iwinaksi nila ang demokratikong gayak ng reaksyunaryong estado at lantarang naghari sa pamamagitan ng paninindak, madugong panunupil at pagpatay, walang-pigil na pagnanakaw at pandarambong sa kaban ng bayan, at pagtataksil sa bayan.

Sa nagdaang mahigit limang taon, ang mga pangkating ito ang pinakanakinabang sa ilalim ng tiraniya ni Duterte. Nabundat sila sa malalaking proyektong imprastruktura at kontrata sa gubyerno. Pinagkakitaan maging ang pandemya habang lugmok ang bayan sa labis na pagdurusa.

Pakay ng tambalang pang-eleksyon ni Marcos at Duterte-Carpio na gawing ganap ang panunumbalik ng mga Marcos sa poder, tatlo't kalahating dekada matapos patalsikin ang diktadurang Marcos sa pag-aalsang EDSA. Sa nagdaang mga taon, ibinuhos ng mga Marcos ang bilyun-bilyong piso sa isang kampanya ng panlilinlang upang burahin ang malalaking krimen ng diktadurang Marcos sa mga pahina ng kasaysayan at sa kamalayan ng bayan.

Sa kabila ng nabuong tambalang Marcos Jr. at Duterte-Carpio, litaw din ang mga bitak na posibleng lumaki pa sa darating na mga buwan. Hayagang nagpahayag ng pagkadismaya si Duterte na kumandidato si Sara bilang bise-presidente matapos ilang buwang nagbuhos ng pondo para itambol ang pagpapatakbo sa kanya bilang presidente katambal si Bong Go bilang bise. Bumangga ito sa ambisyon ni Marcos Jr. na magpresidente. Bagaman lantad din noon ang suporta ni Arroyo sa pagpresidente ni Duterte-Carpio, nagparaya siya kay Marcos sa layuning ipreserba ang alyansang MAD. Nangangamba rin si Arroyo na mameligro ang kanilang interes kung labis na makonsentra sa kamay ng mga Duterte ang kapangyarihan.

Kinatatakutan ni Duterte na bibitawan siya katulad na hindi niya sinuportahan si Marcos Jr. sa kaso sa pagkabise-presidente sa nagdaang anim na taon. Kaya hayagan niya ngayong binibira si Marcos Jr. at itinutulak ang pagsuporta sa alalay niyang si Bong Go para magpresidente at pag-endorso sa anak na si Sara bilang bise presidente.

Maaari niyang sakyan ang kasong diskwalipikasyon laban kay Marcos Jr. at banta ng pagpapaaresto kay Imelda Marcos (na nahatulang maysala noong 2018) para makakuha ng mas malaking konsesyon at katiyakan sa hatian sa kapangyarihan (gaya ng tigtatlong taon bilang presidente ni Marcos Jr. at Duterte-Carpio). Malalaman sa mga darating pang linggo at buwan kung mapaplantsa o lalala pa ang mga gusot na ito. Gayunpaman, nananatili pa rin ang posibilidad na isaisantabi itong lahat ni Duterte at lantarang ideklara at ipataw ang pasistang diktadura.

Ang darating na eleksyon sa 2022 ay inaasahan na magiging isa sa pinakamadumi sa mga nagdaang reaksyunaryong eleksyon. Sa desperasyong kumapit sa poder at umiwas sa habla at pag-usig, tiyak na dadayain ni Duterte ang resulta ng eleksyon pabor sa kanyang mga kandidato, katulad na dinaya niya ang eleksyong 2019 para iluklok ang mga alipures niya sa kongreso at senado. Mayorya ng mga upisyal ng Commission on Elections (Comelec) ay mga tauhang hinirang ni Duterte. Sa pamamagitan ng pagkontrol sa dekompyuter na bilangan ng boto, kayang-kaya ni Duterte na malawakang manipulahin ang resulta ng eleksyon. Malaking anomalya na ang pagdedeliber ng mga balota at makinang pang-eleksyon ay ibinigay ng Comelec sa kumpanyang pag-aari ni Dennis Uy, kroni ni Duterte. Patuloy na mahigpit ang paghawak ni Duterte sa militar at pulis na ipinang-iipit niya sa kanyang mga kalaban sa pulitika sa tabing ng "gera kontra-droga" at kontra-insurhensya.

Dapat mahigpit na magkaisa ang sambayanang Pilipino laban sa pakana ng alyansang Marcos-Duterte na ipagpatuloy ang paghahari ng tiraniya at korapsyon at pagpapahirap sa sambayanang Pilipino. Dapat ilantad at labanan ang mga pakana na dayain ang eleksyon.

Kailangang patuloy na buklurin ang mga pwersang oposisyon upang mabuo ang nagkakaisang hanay para tapatan sa eleksyon ang alyansang Marcos-Duterte. Ilan sa pangunahing kandidatong pagkapresidente ay anti-Duterte o nag-aastang anti-Duterte. Sa kanila, pinakamalinaw ang pagiging oposisyon si Leni Robredo. Gayunman, hindi niya inendorso ang mga kandidato sa senado ng blokeng Makabayan na isa sa pinakamalaki at pinakamatatag na muog ng paglaban sa tiraniya.

Sa harap ng halos absolutong kontrol ni Duterte ngayon sa kapangyarihan, ang tsansa nilang biguin ang pandaraya ni Duterte sa eleksyon ay lalaki lamang kung magkakaisa sila at makukuha ang suporta at mapakikilos ang milyunmilyong mamamayan. Kung mabubuo ang ganitong pagkakaisa, mas lilitaw ang pagkagarapal ng anumang tangka ni Duterte na dayain ang eleksyon. Dapat nilang ipagkait kay Duterte ang pagkakataong palabasin na hati-hati ang boto ng oposisyon para ikubli ang manipulasyon ng bilangan ng boto pabor sa kanyang mga kandidato.

Sa ngayon, dapat patuloy na paalingawngawin ng pambansa-demokratikong mga pwersa ang panawagan ng sambayanang Pilipino para buuin ang nagkakaisang prenteng anti-Duterte. Dapat pakilusin ang sambayanan para itulak ang pagbubuo ng nagkakaisang hanay ng mga kandidatong anti-Duterte para biguin ang pakana ng mga Marcos at Duterte na iluklok ang sarili sa poder.

Kaalinsabay nito, dapat patuloy na mag-organisa ang mamamayan at isulong ang kanilang demokratikong pakikibaka sa harap ng krisis sa ekonomya at pandemya at pa-

*Ituloy sa pahina 3*

ANG Bayan

Tomo LII Blg. 22 | Nobyembre 21, 2021

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray, Ingles at Espanyol. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

@cpp_angbayan

fb.com/editorsofAB

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal:** Labanan ang bulok at pasistang alyansang Marcos-Duterte 1
Buntalan ng mga tirano 3
#MarcosHindiBayani 3
Mga parangal kay Ka Oris 4
2 R4, nasamsam ng BHB 4
Mga protesta 4
Kapos na manggagawa, gubyernong pabaya 5
Sa madaling salita 6
Pagmamanupaktura ng pagkain 7
Imperyalismo at *climate change* 8
Aktibista, dinukot sa Pampanga 9
Pambobomba sa Leyte 9
Kontra-magsasakang mga batas sa India 9
Tagumpay ng Cuba laban sa Covid-19 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

# Buntalan ng mga tirano

Matapos ang ilang buwang maniobrahan sa pagitan ng mga kampo ng Marcos, Arroyo at Duterte o MAD, buo na ang tambalan ng mga magnanakaw at umuusbong na mga tirano sa katauhan nina Ferdinand Marcos Jr. at Sara Duterte-Carpio.

Gayunpaman, patuloy na nagbubuntalan ang mga personalidad ng alyansang MAD. Lumundo ito noong Nobyembre 15, huling araw kung saan pwedeng umatras at maghalinhan (substitusyon) ang mga kakandidato. Ayon sa rekord ng Commission on Elections o Comelec, mayroong 97 kandidato sa pagkapresidente, 29 para sa pagkabise-presidente at 176 sa pagka-senador noong Oktubre 8 pagkatapos ng paghahain ng mga *certificate of candidacy*. Pagkatapos ng Nobyembre 15, natapyasan ito at naging 94 sa pagkapresidente, 25 sa pagkabise-presidente at 171 sa pagka-senador.

Iniatras ni Duterte-Carpio ang kanyang kandidatura bilang meyor ng Davao City tatlong araw bago ang huling araw para sa paghahalinhan. Sa sumunod na araw, naghain siya ng papeles para kumandidato bilang bise-presidente sa ilalim ng Lakas-CMD, partido ni Gloria Arroyo. Napilitan si Duterte-Carpio na pumayag na magbise dulot ng pagtanggi ng kampong Marcos na bitawan ang pagkakataong lubusang makabalik sa Malacañang.

Umapaw ang galit ni Rodrigo Duterte sa pagmamatigas ng mga Marcos at pagpwesto sa kanyang anak sa mas mababang pusisyon. Pinatakbo niya para sa pusisyon ng presidente ang kanyang alalay na si Christopher Go para agawin ang mga boto ni Marcos Jr. laluna sa Mindanao. Naghapag din siya ng sariling kandidatura para sa senado. Tinawag ng mga demokratikong grupo ang maniobrang ito ni Duterte bilang "desperadong tangka" para makaiwas sa mga kasong kriminal na naghihintay sa kanya pagkatapos ng kanyang termino.

Sunud-sunod ang bira ni Duterte kay Marcos Jr. para tiyaking hindi siya tatraydurin nito. Noong gabi ng Nobyembre 16, ipinatawag niya ang 95 kongresista para diktahan sila sa pagsuporta sa kandidatura ni Go.

Samantala, tatlong kasong diskwalipikasyon na ang nakasampa sa Comelec laban kay Marcos Jr.

Nakabase ang mga petisyon sa kanyang kabiguang ideklara sa kanyang sertipikasyon sa pagkakandidato ang "di mapasusubaliang katotohanan" na nahatulan siyang nagkasala ng korte noong 1995. Dalawa ang kaso niya noon sa di pagbabayad ng buwis na labag sa National Internal Revenue Code. Alinsunod sa mga probisyon sa batas, ang sinumang pampublikong upisyal na nahatulang nagkasala na lumabag dito ay maaaring patawan ng maksimum na parusa ng habambuhay na diskwalipikasyon na humawak ng anumang pusisyon sa pampublikong upisina, bumoto o lumahok sa anumang eleksyon.

Hindi nakulong si Marcos Jr. Nilabanan ng kanyang mga abugado ang hatol at napabaligtad ang ilan sa mga kaso. Noong 1997, iniatras ng Court of Appeals ang sentensyang pagkakabilanggo pero pinanatili ang multa na ₱32,000. Naging pinal ang hatol noong 2001.

Ang tatlong grupong naghain ng reklamong diskwalipikasyon ay mula sa mga samahang sibiko, mga nagbabayad ng buwis, taong simbahan, mga grupong nagtataguyod ng karapatang-tao tulad ng Karapatan, Kapatid, Samahan ng Ex-Detainees Laban sa Detensyon at Aresto at Campaign Against the Return of the Marcoses and Martial Law. AB

*Mula sa pahina 2*

tampukin ang panawagan para isulong ang pambansa-demokratikong pakikibaka at ibagsak ang imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo. Dapat sama-sama silang kumilos at labanan ang pambubusal at paniniil ng rehimeng US-Duterte sa mamamayan. Sa harap ng mga iskema ni Duterte na panatilihin ang sarili sa poder, dapat maghanda ang sambayanan na kumilos, ipamalas ang kanilang lakas sa lansangan at gamitin ang kapangyarihan para ibagsak ang mga tirano at diktador. AB

### #MarcosHindiBayani, sigaw ng mamamayan

ISANG PROTESTANG KARABAN ang pinangunahan ng Campaign Against the Return of the Marcoses and Martial Law noong Nobyembre 18. Nagsimula ang karaban sa University of the Philippines sa Diliman, Quezon City at tumungo sa Libingan ng mga Bayani sa Taguig City.

Tinawag ng mga nagprotesta na "magnanakaw, mamamatay-tao, mandarambong" ang diktador na si Ferdinand Marcos Sr. Ang paglilibing sa kanya sa Libingan ng mga Bayani ay paraan ng pamilyang Marcos para irebisa ang kasaysayan at pagtakpan ang lagim ng batas militar noong dekada 1970 hanggang 1980.

Noong araw ding iyon, nagrali ang mga aktibista ng Baguio City sa harap ng wasak na rebulto ng ulo ni Marcos Sr. sa Tuba, Benguet. Ang rebulto ay tinawag ng Bagong Hukbong Bayan sa Ilocos-Cordillera na "kababalaghan" at "pagkutya sa hustisya." Nawasak ito matapos bombahin ng mga Pulang mandirigma noong Disyembre 29, 2002.

Nagkaroon din ng piket sa harap ng Commission on Human Rights noong Nobyembre 14 matapos ianunsyo ang tambalang Marcos-Duterte.

# Ka Oris, pinarangalan ng mga rebolusyonaryo sa buong mundo

Bumuhos ang pakikiisa at pakikidalamhati sa pagkamatay ni Ka Oris (Jorge Madlos), kumander at tagapagsalita ng Bagong Hukbong Bayan (BHB), mula sa buong bansa at iba't ibang bahagi ng mundo. Noong Nobyembre 7, isinagawa ang Internasyunal na Araw ng Pag-alala kung saan naglunsad ng mga pagpupulong na may *ice cream* o kamote (parehong paborito ni Ka Oris) ang mga yunit at grupo at aktibista na kumilala sa kanyang kadakilaan.

Kasabay nito, isinalin ng mga kaibigan ng rebolusyong Pilipino sa iba't ibang lengwahe ang parangal ng Partido Komunista ng Pilipinas kay Ka Oris. Ang parangal pahayag na inilabas bilang espesyal na isyu ng Ang Bayan ay naisalin na sa wikang German, French, Russian, Chinese, Spanish, Catalan (Spain), Korean, Bahasa Indonesia, Turkish, Portuguese, Swedish at Dutch (The Netherlands). Ginawa ito para maiparating sa mas maraming bilang ng rebolusyonaryong mamamayan sa buong mundo ang kanyang buhay at kabayanihan.

Nagpaabot din ng mga mensahe ng pagkilala at pakikidalamhati ang mga komunista at rebolusyonaryong organisasyon. Kabilang dito ang mga rebolusyonaryo at progresibong grupo mula sa India, China, West Papua, Turkey, Kurdistan, Germany, France, The Netherlands, Ireland, Russia, US, Canada, Brazil at iba pang bansa.

Inilibing ang mga abo ni Ka Oris sa Surigao del Norte noong Nobyembre 20. Bilang pagkilala, inatasan ng Partido Komunista ng Pilipinas ang lahat ng yunit ng BHB na mag-alay ng ilang minutong katahimikan sa tanghaling tapat. Bago nito, nagkaroon ng 2-araw na lamay sa isla ng Siargao kung saan siya lumaki. AB

## 2 R4, nasamsam ng BHB sa Negros

DALAWANG R4 ANG nakumpiska at hindi bababa sa siyam na sundalo ang nasawi sa ambus na inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Central Negros (Leonardo Panaligan Command) noong Nobyembre 3 sa Barangay Quintin Remo, Moises Padilla, Negros Occidental.

Ayon kay JB Regalado, tagapagsalita ng BHB-Central Negros, mahigit isang buwan nang nag-ooperasyon ang pinagsanib na pwersa ng 62nd IB at 79th IB sa mabundok na bahagi ng mga bayan ng Binalbagan, Isabela, Moises Padilla, Guihulngan, at La Libertad na lubhang nakaaapekto sa kabuhayan at buhay ng masa. Nakaranas ang mga komunidad ng *red-tagging*, pandarahas, at paninindak mula sa mga sundalo.

Samantala magkakasunod na operasyong haras naman ang inilunsad ng BHB-Central Negros laban sa mga tropa ng 94th IB. Ang una ay noong Oktubre 17, alas-2 ng hapon, sa Barangay Mandapaton, La Libertad, Negros Oriental at sinundan noong Nobyembre 9 sa Barangay Amontay, Binalbagan, Negros Occidental.

**Northern Samar**. Limang sundalo ang nasawi sa aksyong opensiba ng BHB-Northern Samar (Rodante Urtal Command) sa Barangay E. Duran, Bobon, Las Navas noong Setyembre 16 ng hapon.

Operasyong isnayp naman ang inilunsad ng mga Pulang mandirigma laban sa mga sundalong nanghahalihaw sa Barangay San Jose, Las Navas noong Oktubre 18. Matinding perwisyo sa buhay at kabuhayan ng mga magsasaka ang idinudulot ng mga operasyon ng mga sundalo.

**Protesta ng mga drayber, konduktor sa Metro Manila.** Nagprotesta noong Nobyembre 15 sa Quezon City ang mga drayber at konduktor na bahagi ng programang Libreng Sakay ng LTFRB upang batikusin ang mahigit isang buwan nang pagkaantala ng kumpensasyon para sa kanilang serbisyo. Nangangamba silang mawalan ng trabaho sa pagtatapos ng programa.

**#HLM17.** Sabay na ginunita noong Nobyembre 16 sa Tarlac at sa paanan ng Mendiola sa Maynila ang ika-17 taong anibersaryo ng Masaker sa Hacienda Luisita. Hanggang ngayon ay wala pang naparurusahan sa mga sundalo at maton na nagpaputok at pumatay sa pitong magsasaka sa asyenda. Hindi pa rin naipamamahagi ang lupa sa loob ng asyenda.

**#KliMalaya laban sa pandarambong sa kalikasan.** Nagrali ang mga grupong makakalikasan sa harap ng upisina ng Commission on Human Rights sa Quezon City noong Nobyembre 6. Ito ay bilang pakikiisa sa mga protestang inilunsad kasabay ng isinasagawang Conference of the Parties (COP26) sa Glasgow, Scotland. Tinawag ng Youth Advocates for Climate Action Philippines ang programa na #KliMalaya: Fight For Freedom From Climate Injustice.

**Pambansang araw ng mga estudyante.** Ginunita noong Nobyembre 17 ng mga grupo ng kabataan ang Pambansang Araw ng mga Estudyante sa harap ng Commission on Higher Education. Isusumite nila sa ahensya ang mga suhestyon at panawagan para sa ligtas na harapang klase. Hindi sila hinarap ng komisyuner nito sa hiningi nilang dayalogo.

**Karapatan sa paninirahan, iginiit sa Taguig.** Nagtirik ng mga kandila ang mga residente ng Maysapang sa Barangay Ususan, Taguig City noong Nobyembre 17 bilang pagtutol sa napipintong demolisyon sa kanilang mga tahanan ng RII-Builders at MGS Consortium. Mahigit 500 pamilya ang nanganganib na mawalan ng tirahan matapos angkinin ng Bases Conversion and Development Authority ang lupa.

# Kapos na manggagawa sa gubyernong pabaya

Tagadeliber si Emil sa isang pagawaan ng mwebles. Bago ang pandemya, sumasahod siya ng ₱15,000 kada buwan. Pero mula 2020, sumasahod na lamang siya ng ₱5,000 kada buwan matapos arbitraryong kaltasan ng kanyang employer. Dahil kapos na kapos, naobliga siyang pumasok sa ilang saydlayn na trabaho. Pero kahit ano ang pagbabanat na gawin niya, hanggang ₱3,000 lamang ang naidadagdag sa kanyang kinikita.

Kulang na kulang ito para mapunan ang ₱16,750 pinakabatayang pangangailangan ng kanyang asawa at apat na anak, at byenan. Hindi pa kasama sa kwentada ang mga gastusin sa transportasyon, bahay, medikal at iba pang pangangailangan.

Sa buong taon ng 2021, walang tigil ang laban ng mga manggagawa para sa disenteng sahod at katiyakan sa trabaho sa gitna ng pandemya. Noong Enero, nanawagan ang mga grupo ng manggagawa ng dagdag na ₱100 kada araw na subsidyo para makaagapay sa hirap ng pandemya at implasyon. Noong Nobyembre 7, muling nangalampag ang Makabayan sa Kongreso na ipasa ang batas para sa dagdag na sahod sa harap ng tuluy-tuloy na pagsirit ng mga presyo ng produktong petrolyo sa loob ng 10 linggo.

Hanggang ngayon, wala pa ni isang sentimo ang itinaas sa sahod ng mga manggagawa sa harap ng nagtataasang presyo ng mga bilihin at serbisyo. Sa datos ng estado, pumalo ng 4.6% ang implasyon sa Oktubre, malayo sa target nitong 2%-4% sa simula ng taon. Ang pagsirit ng mga presyo ay pinakaramdam ng 30% ng mga pamilya na may pinakamabababang kita. Ito ay dahil mas malaki ang ginagastos nila para sa pagkain at inumin, na mas mabilis na sumisirit kumpara sa ibang pangangailangan. Noong Setyembre, pinakamabilis ang pagsirit ng presyo ng karne (15.2%), gulay (12.7%) at isda (9.4%).

Ayon sa Ibon Foundation, si Duterte ang pinakabarat at pinakamababang magbigay ng dagdag sahod sa nakalipas na 35 taon. Ayon sa pag-aaral ng Kilusang Mayo uno, dalawa hanggang tatlong beses lamang na tumaas ang sahod sa kada rehiyon mula nang maluklok si Duterte sa pwesto noong 2016, na nagkakahalaga lamang ng ₱50 sa abereyds. Noon pang Marso 2020 pinakahuling naglabas ng kautusan ang rehimen para itaas ang sahod (₱25 na dagdag sahod sa Cagayan Valley).


Sa National Capital Region (NCR), nasa ₱537 lamang ang minimum na sahod. Pero dahil sa mataas na presyo ng mga bilihin, ang tunay na halaga ng sahod ng mga manggagawa ay ₱434 lamang. (Ang tunay na halaga ng ₱1 sa kasalukuyan ay ₱0.36 na lamang kumpara sa halaga nito noong 2000.)

Lalong hindi sasapat ito kung susukatin ang *family living wage* (FLW o nakabubuhay na sahod para sa isang mag-anak na may limang myembro) sa NCR. Sa pinakahuling kwentada noong Hulyo, upang mabuhay nang disente, kailangang kumita ang isang pamilyang may limang myembro ng ₱1,065 bawat araw (o ₱25,091 kada buwan).

Mas masahol ang kalagayan ng mga manggagawa sa ibang mga rehiyon kung saan mas mababa ang sahod. Pinakamababa ang minimum na sahod ng mga manggagawa sa industriya at serbisyo sa Ilocos Region (₱282-₱340), kasunod ang Bangsamoro (₱300-₱325). Sa dalawang rehiyon din ang pinakamababang minimum para sa mga manggagawa sa agrikultura (₱282-₱295 sa Ilocos, at ₱290-₱300 sa Bangsamoro).

Dagdag ng Ibon, kung bibigyan lamang ng suporta ng gubyerno ang mga manggagawa, maiibsan ang kanilang paghihirap. Maliban sa pautang sa maliliit na negosyo upang ipambayad sa kanilang mga manggagawa ay dapat ding ipwera ang mga ito sa pagbabayad ng buwis, lalupa't walang kita ang karamihan sa mga ito sa panahon ng pandemya. Sa konserbatibong pagtaya, mahigit kalahati ng mga *micro, small and medium enterprises* (MSME o mga negosyong katamtamang-laki, maliit at mas maliit) ang nagsipagsara nitong pandemya. Nag-eempleyo ang mga ito sa halos 63% ng lakas paggawa sa bansa.

Lubhang kulang at batbat sa kapalpakan ang suporta mula sa gubyernong Duterte para sa mga MSME at mga manggagawa. Nitong Nobyembre, nag-anunsyo ang Department of Labor and Employment (DOLE) na magpapautang ang gubyerno sa mga MSME para sa *13th month pay* ng kanilang mga manggagawa. Pero sa mahigit 952,000 MSME sa buong bansa, 15,000 negosyo lamang ang sakop ng programa ng DOLE na may badyet lamang na ₱500 milyon.




Mahigit 100 na ang MSME na nag-aplay ng utang, pero 10 pa lamang ang naaprubahan. Maliban dito ay kaltasan din ng 4% *service fee* ang uutangin ng mga MSME. Masaklap pa, ang inaasahang gagastusin ng mga pamilya ng manggagawa sa Pasko ay sa Marso 2022 pa makukuha. Itinutulak pa ng DOLE na imbes na pera ay groseri na lamang ang ipamigay. AB

# SA MADALING SALITA

# 100

pa lamang na **pampublikong paaralan sa elementarya** ang **nagbukas** para sa **harapang pagkatuto** noong **Nobyembre 15**



—19 na buwan mula unang ipinasara ang mga ito.

# 90%

ang **"learning poverty"** o **kasalatan sa pagkatuto** sa **Pilipinas** dulot ng **palpak** na ***distance learning*** sa 2021.

Ibig sabihin nito, **siyam** sa **10 batang Pilipino** na **10-anyos** ay **hindi marunong magbasa** o nakaiintindi ng isang simpleng kwento.


**#NoToMarcosDuterte2022**

nag-*trending* noong hapon ng **Nobyembre 13** matapos ihapag ni **Sara Duterte** ang kanyang kandidatura **pagkabise-presidente** sa Comelec.

# 82%

ng mga **mambabasa ng balita** sa **Pilipinas** ay kumukuha ng kanilang balita sa **social media**.

Pinakamarami sa kanila (73%) ay kumukuha ng balita sa **Facebook**. Mayorya (78%) ay gumagamit ng *smart phone.*




*Pinagkunan:*
*Digital News Report 2021, Reuters Institute*

# 29% - 80%

ng **bayarin** para sa **pribadong pagpapaospital** ang **hinuhugot sa sariling bulsa** (*out-of-pocket payment*) dulot ng **mababang kapasidad** ng **PhilHealth** na pondohan ang **serbisyong kalusugan**.

# 3-5

**babaeng biktima** ng **karahasan laban sa kababaihan** at mga bata ang **lumalapit** sa **Gabriela** kada araw.


Tumaas naman ang bilang ng "search queries" o mga naghahanap ng impormasyon kaugnay dito sa internet nang **63%** sa panahon ng pandemya.

*Pinagkunan: Gabriela*

# 64 sibilyan

ang **pinatay** ng **US** sa **Syria** noong 2019 gamit ang isang **500-libra** at **2000-librang bomba**.

**Pinagtatakpan ito hanggang ngayon ng militar ng US.**



*Pinagkunan:*
*New York Times*

# Pagmamanupaktura ng pagkain sa Pilipinas, nakaasa sa dayuhan




Nang manalasa ang pandemyang Covid-19 sa Pilipinas, pinanatiling bukas ang pagmamanupaktura ng pagkain dahil sa pagkilalang esensyal ito sa lipunan. Pinayagang mag-opereyt nang hanggang 90% ang malalaking pabrika ng pagkain noong Abril 2020 sa gitna ng mahigpit na *lockdown*. Gayunpaman, maraming katamtamang-laki at maliliit na establisimyento ang nagsara dulot ng mga restriksyon sa pampublikong transportasyon at pagbagsak ng pangkalahatang demand.

Bumagsak nang 18% ang bolyum at halaga ng pagmamanupaktura ng pagkain sa 2020. Malaking bahagi nito ay dulot ng mga kakulangan ng suplay ng imported na hilaw na materyales at sangkap na apektado ng pagsasara ng mga hangganan at krisis sa internasyunal na transportasyon. Bago ang pandemya, lumaki ang subsektor nang abereyds na 5%-6% kada taon (2012-2017).

Pinakamalaking subsektor sa pagmamanupaktura ang paggawa ng pagkain sa usapin ng dami ng establisimyento at iniempleyong manggagawa. Noong 2018, binuo nito ang 31.4% ng lahat ng mga establisimyento sa pormal na ekonomya. Nag-eempleyo ito ng 151,514 manggagawa, na kalakhan ay kalalakihan.

Noong Abril 2020, nag-ambag ang subsektor ng 7.9% sa *gross domestic product* (GDP o pangkabuuang lokal na produksyon) ng bansa. Nasa 90% ng nililikha nitong produkto ay para sa lokal na konsumo.

May pitong grupo ang pagmamanupaktura ng pagkain (pagpoproseso ng pagkain na ginagamitan ng makina). Pinakamarami ang mga establisimyento sa pagpoproseso ng giniling na butil—mayorya (51%) para sa harina at 38% sa palay at mais.

Kasunod dito ang mga subsektor ng pagpoproseso at pagpepreserba ng karne, isda at ibang pagkaing dagat, gulay at prutas, pagmamanupaktura ng mantika at taba mula sa gulay at hayop, at pagmamanupaktura ng produktong gatas at mga produktong gawa sa gatas.

Pinakamarami ang mga kumpanya (40%) at pinakamalaki ang benta (22%) ang pagmamanupaktura ng "samutsaring pagkain"—ang grupo kung saan pinagsama ang ibang pagkaing di nakaklasipika. Halos kalahati ng grupong ito (45%) ay produksyon ng gawang-harina na nudels. Hiwalay na sektor ang pagmamanupaktura ng mga inumin.

Apat sa pitong grupo ng paggawa ng pagkain (butil, karne, gatas at samutsaring pagkain) at ang sektor ng inumin ay buo o halos buong nakaasa sa imported na hilaw na materyales. Gumagamit sa kalakhan ng lokal na materyales ang tatlo pa (isda, gulay at prutas, mantika). Gayunpaman, nakaasa pa rin ang mga ito sa dayuhang mga sangkap na panghalo, pampalasa at pampreserba.

Buong iniimport ang trigo para sa harina at mga produktong gawa sa harina, at butil ng *soya* para sa mga pagkaing hango sa mga ito. Halos 100% na iniaangkat ang hilaw na materyales para sa gatas at mga produktong gawa sa gatas tulad ng keso at mantikilya.

Bago lumaganap ang African Swine Fever noong 2018, 85% na ng pinoprosesong karne ay imported. Ito ay sa kabila ng sobra-sobra sa taunang pangangailangan ng bansa ang kayang iprodyus ng lokal na mga magbababoy sa naturang panahon. Sadyang di gumagamit ng lokal na karne ang mga nagmamanupaktura dahil di umano angkop ang kalidad nito sa pagpoproseso. Ang ginagamit na sangkap sa maraming pinrosesong karne (*hotdog*, karne norte, *burger*) ay karneng nakadikit sa buto, balat, laman-loob, taba at iba pang piraso at bahagi na hindi kinakain sa ibang bansa at sa gayon ay mas mura.

Dayuhang sangkap din ang ginagamit para sa pagpoproseso, pampalasa, pagtanggal ng amoy at iba pang pampreserba ng mga gulay at prutas.

Dominado ng mga kumpanyang dayuhan at ng malalaking burgesya-kumprador ang sektor. Pinakamalaki ang rebenyu ng Nestlé Philippines, subsidyaryo ng Nestlé Global ng The Netherlands. Kasunod nito ang Universal Robina Corporation ng pamilyang Gokongwei, Monde Nissin na pagmamay-ari ni Betty Ang, Century Pacific Food ng pamilyang Po, San Miguel Purefoods-Hormel na pinamumunuan ni Ramon Ang, Pilmico Foods Corporation ng pamilyang Aboitiz, Alaska/Royal FrieslandCampina ng The Netherlands.

Humina ang pangkalahatang produksyon ng subsektor pero kumita ng milyun-milyon ang malalaking kumpanya ng pagkain sa gitna ng pandemya. Napakalaki ng kinita ng Monde Nissin Corporation, halimbawa, na sa kauna-kaunahang pagkakataon ay pumasok ang may-ari nitong si Betty Ang sa listahan ng Forbes ng pinakamayayamang Pilipino nitong taon. AB

# Para sa imperyalismo, negosyo pa rin ang *climate change*

Kabaligtaran sa pagsawata sa umiinit na temperatura ng daigdig ang naging pakay ng mga imperyalistang bansa at monopolyong korporasyon sa pagdalo ng mga ito sa ika-26 na Conference of the Parties (o COP26). Ito ang mariing batikos ng International League of Peoples' Struggle (ILPS) sa kumperensyang inorganisa ng United Nations (UN) sa Glasgow, Scotland noong Oktubre 31-Nobyembre 13.



Pinakahuli ang COP26 sa serye ng mga kumperensya mula nang pagkasunduan sa UN noong 1994 na lutasin ang *climate change* (pagbabago sa klima ng daigdig) na dulot ng pagdami ng mga *greenhouse gas* (GHG o mga gas na nagkukulong ng init sa atmospera). Nangunguna sa mga tipo ng GHG ang *carbon dioxide*, na kumakawala tuwing nagsusunog ng *fossil fuel* (karbon, langis at *natural gas*). Resulta ito ng walang pakundangang kapitalistang produksyon kabilang ang sa industriya ng enerhiya, manupaktura, transportasyon, industriyal na agrikultura, pagmimina, produksyong militar, panggegera, konstruksyon, at iba pa.

Matapos ang halos tatlong dekada, dumoble pa ang pinakawalang GHG ng mga imperyalistang bansa at kanilang mga monopolyong korporasyon. Dumalo sa kumperensya ang mga pinakanotoryus sa mga ito tulad ng US, China, Canada, Japan, UK at iba pa sa European Union para pagharian ito at magtulak ng pekeng mga solusyon.

Sinabi ng ILPS na tikom ang bibig ng mga imperyalistang bansa sa kanilang pananagutan sa malawakan at labis-labis na pagpapakawala ng GHG. Sa aktwal, ang mga mamamayan sa mga malakolonya ang umiinda sa pinakamasasahol na pinsala nito tulad ng madadalas at malalakas na bagyo, pagbaha, pagguho ng lupa at tagtuyot.

Sa kaugnay na pahayag, sinabi ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) na ang di-maibsang gutom ng mga monopolyo kapitalista para sa supergananansya ang nagtutulak sa pandarambong at pagkasira ng kalikasan, na siya namang ugat ng pag-init ng temperatura ng daigdig. Sa kabila ng mga pag-abante sa teknolohiya at mataas na antas ng organisasyon, nagpapatuloy sa ilalim ng kapitalistang sistema ang anarkiya at pagwawaldas ng mga rekurso.

Upang malutas ang pinsala ng *climate change*, inilinaw ng PKP ang kahalagahan ng armadong rebolusyon upang makalaya sa imperyalismo at makapagtayo ng sosyalismo.

**Problemang solusyon**

Simula't sapul ay malinaw na ang kailangan ay ang kagyat na pagtigil sa paggamit ng karbon. Pero pinili ng mga kapitalista na mag-imbento ng mga solusyon upang hindi matigil ang pagkamal ng ganansya. Kabilang sa mga itinulak nila ang ilang taon nang pakana na Net Zero Emission (o kabuuang pagbalanse sa pinakakawalan na mga GHG). Naging daan ito sa pagbuhos ng kapital sa malalawak na plantasyon ng punongkahoy. Gayundin ay lumaganap ang pagtatayo ng dambuhalang *hydroelectric* na mga dam, mga plantang denukleyar, at iba pang katulad na "renewable" o "napanunumbalik" na pinagkukunan ng enerhiya.

Ayon pa sa ILPS, bumaha sa COP26 ang trilyong-halagang pamumuhunan sa mga "renewable" mula sa mga monopolyong korporasyon na patuloy na namumuhunan sa mga *fossil fuel*. Mula 2015 ay tumabo na ang mga ito ng hanggang $17 bilyong kita.

Gayunpaman, dumarami na ang mga syentistang nagpapatunay na hindi "mababalanse" ng mga *renewable* ang mga GHG hangga't hindi tinutuldukan ang paggamit ng *fossil fuel*. Nagresulta lamang ang pakanang Net Zero sa pagkakalbo ng mga kagubatan at pagkasira ng mga ilog. Kaakibat nito ang malawakang mga paglabag sa karapatan at dislokasyon ng mga katutubong mamamayan.

Kabilang ang ILPS sa milyun-milyong nagprotesta sa Glasgow at iba't ibang panig ng mundo sa panahong idinadaos ang COP26. Itinulak nila ang radikal at kagyat na pagbabago sa mga sistemang pang-ekonomya at panlipunan ng mga bansa.

Ayon naman sa PKP, ang pagsawata sa malaking sakunang dulot ng *climate change* ay nasa kamay ng proletaryado at masang anakpawis, laluna ang kabataang tagapagmana ng daigdig. Susi ang pamumuno ng proletaryado sa planadong produksyon ng estado at distribusyon ng yaman, at pagtitiyak na buhay ang demokrasya at nangunguna ang interes at kagalingan ng mga manggagawa at masang anakpawis, at ang daigdig ay nananatiling malusog pagsapit ng komunismo. AB

# Aktibista, dinukot sa Pampanga

Isang aktibista ang dinukot, dalawa ang pinatay, at walo ang inaresto ng mga pwersa ng estado noong nakaraang tatlong linggo. Lahat sila ay inaakusahang mga myembro ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Dinukot noong Nobyembre 6 ng hinihinalang mga ahente ng estado si Steve Abua, organisador ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas-Central Luzon sa Sta. Cruz, Lubao, Pampanga. Si Abua ay dating mag-aaral ng BS Statistics at lider-estudyante sa University of the Philippines.

Ayon sa kanyang asawa na si Johanna Abua, ilang oras mula nang dukutin si Steve ay nakatanggap siya ng mensahe mula sa mga dumukot. Sa pamamagitan ng isang *video call* (tawag na may bidyo), ipinakita sa kanya si Steve na nakasuot ng puting *t-shirt, bonnet* at may busal ang bibig.

**Pagpatay.** Mga magsasaka ang pinaslang ng mga sundalo ng 59th IB na sina Jorge Coronacion, 64, at Arnold Buri, 43, noong Nobyembre 17. Pauwi sila noon sa Barangay Taquico, Sampaloc, Quezon. May kapansanan sa paningin si Coronacion.

Noong Nobyembre 3, pinatay ng mga sunadalo ang magsasakang si Nilo Habal sa Caramoan, Camarines Sur. Inakusahan din siyang kasapi ng BHB.

**Pag-aresto.** Limang aktibista at organisador ng mga progresibong grupo sa Cagayan Valley ang inaresto ng mga pulis sa dalawang magkahiwalay na insidente sa Bulacan noong Nobyembre 16. Ang mga biktima ay sina Irene Agcaoili, Estelita Alamansa, Arcadio Tangonan, Lourdes Bulan at Roy dela Cruz. Apat sa kanila ay lampas 60 na ang edad at ang isa ay baldado mula sa sakit na *stroke*.

Inaresto ng mga pulis sa Malolos, Bulacan noong Nobyembre 14 si Maria Salome Crisostomo-Ujano, 64. Si Ujano ay tagapagtaguyod ng karapatan ng kababaihan at mga bata.

Sa Cebu, inaresto ang lider-magsasaka ng Napo Farmers Community Organization na si Sabiniana Castro sa kasong *libel* noong Nobyembe 12. Dinakip siya sa kanyang bahay sa Barangay Guindarohan, Minglanilla. Nakabase ang kaso laban sa kanya sa kanyang pagbatikos sa mapanirang operasyon ng isang kumpanya sa konstruksyon.

Inaresto ang magsasakang si Pablito Bernacer Galo, kasapi ng Hugpong sa Mag-uuma sa Mabini, sa Barangay San Isidro, Mabini, Bohol noong Oktubre 29. Tinamnan ng mga ebidensyang baril ang kanyang bahay.

**Panggigipit**. Tumanggi ang mga pulis ng Gumaca, Quezon na ibigay sa pamilya ang bangkay ni Roderick Sinas, isang Pulang mandirigmang namatay umano sa isang engkwentro noong Nobyembre 12.

Noong Nobyembre 18, namatay sa Puerto Princesa City Jail sa Palawan si Antonio Molina, magsasakang aktibista na ikinulong sa gawa-gawang kasong *illegal possession of firearms and explosives* noong Oktubre 2019. Si Molina, 67, ay may sakit na kanser sa tiyan.

**Demolisyon**. Giniba ng mga tauhan ni Gregorio Araneta III ang mga bahay ng magsasaka sa Sityo Ricafort, Barangay Tungkong Mangga, San Jose del Monte City, Bulacan noong Nobyembre 4. Ang insidente ay bahagi ng malawakang pang-aagaw ng Araneta Properties, Inc. sa lupang binubungkal ng daan-daang pamilyang magsasaka sa naturang syudad. AB

## Pambobomba at mga pagpaslang sa Leyte

SA ULAT NG Bagong Hukbong Bayan-Leyte nitong Nobyembre, tatlong bomba ang inihulog ng FA-50 *fighter jet* ng militar sa mga bukirin sa Sityo Quarry sa Abuyog noong Setyembre 29, alas-3 ng madaling araw. Nagdulot ito ng takot at troma sa mga sibilyan. Dagdag na pasakit ito sa matagal nang bagsak na kabuhayan ng mga magsasaka sa lugar.

Kinabukasan, tatlong magsasaka ang iligal na inaresto ng mga sundalo ng 14th IB.

Sa Southern Leyte, pinatay ng 14th IB ang magsasakang si Marcos Dadap, 49, noong Agosto 17 sa Sityo Tabjon ng Barangay Kalagitan, Hinunangan. Kabilang si Dadap sa mga residenteng lumalaban sa bantang pagpapalayas sa kanila para bigyan-daan ang pagtatayo ng gusali ng lokal na gubyerno.

## Kontra-magsasakang mga batas sa India, ibabasura na

INIANUNSYO NOONG NOBYEMBRE 19 ni Prime Minister Narendra Modi ng India ang plano niyang ibasura ang tatlong neoliberal na batas sa pagsasaka. Ito ay matapos ang isang taon nang dambuhala at sustenidong mga protesta ng mga magsasaka sa India laban dito. Ang naturang mga batas ay unang ipinatupad noong Oktubre 2020.

Nagbunyi ang puu-puong libong magsasakang halos isang taon nang nagkakampo sa mga lansangan patungo sa New Delhi, sentro ng India. Ayon sa mga raliyista, hindi pa rin sila aalis sa lansangan at magpapatuloy ang mga protesta hanggang ganap nang ibasura ng parlamento ang mga batas.

Sumiklab ang mga protesta na nilahukan ng daan-daang milyong magsasaka sa harap ng ilan taon nang paghihirap ng mga magsasaka dulot ng pambabarat sa kanilang mga produkto, pagtaas ng presyo ng mga bilihin, at pagbagsak ng ani dulot ng malawakang tagtuyot, na pinalubha pa ng krisis ng pandemyang Covid-19.


# Mga tagumpay ng Cuba sa pakikipaglaban sa pandemyang Covid-19

Nakabalik na sa mga klasrum ang natitirang 1.7 milyong estudyante sa elementarya at hayskul sa Cuba noong Nobyembre 15. "Nabubuhay at nabubuhayan ang Cuba sa ating mga paaralan!" buong-saya na ipinahayag ng presidente ng bansa na si Miguel Bermudez Diaz-Canel sa kanyang pagbati sa mga estudyante.

Kasabay ng pagbabalik sa harapang pagkatuto, binuksan na rin ng Cuba ang mga paliparan para sa pagpasok ng internasyunal na mga turista. Naging posible ang gayong pagbubukas matapos mabakunahan noong Oktubre 27 ang 100% ng populasyon, edad 2-anyos pataas, ng minimum na isang dosis. Nasa 68% na ang nakakumpleto ng tatlong-dosis na bakuna sa parehong panahon.

Bago nito, binatikos ni Diaz-Canel ang embargo ng US sa Cuba na lalupang hinigpitan sa gitna ng pandemya. Aniya, batid ng mga Cubano na ang pinahigpit na mga sangsyon ng US ay para ibaba ang kanilang moral, lumikha ng disgusto at siraan ang komunismo. Nagbuhos ang US ng milyun-milyong pondo para magbuo ng maliliit na grupo sa loob ng Cuba para manggulo at magsaboy ng mga kasinungalingan.

"...Galit na galit ang imperyalismo sa mga tagumpay ng Cuba sa pakikipaglaban sa pandemya," ayon kay Diaz-Canel. "Sa bawat tagumpay...nagagapi natin ang imperyalistang agresyon." Tinawag niyang "walang-hiya" ang US sa kalkuladong paggamit nito sa pandemya sa kapinsalaan ng buong populasyon.



Pinaarangkada ng US ang mga pagsisikap nito para sa "pagpapalit-rehimen" nitong taon. Gamit ang pinondohan nitong oposisyon, nagtangka pero bigo itong makapaglunsad ng dambuhalang kontra-gubyernong mga protesta noong Hulyo 11, at muli noong Nobyembre 15.

**Soberanya sa bakuna**

Pumapangalawa ang Cuba sa 218 bansa sa taas ng bilang ng mga nabakunahan kada 100 katao. Noong Nobyembre 14, mahigit 27.4 milyong bakuna na ang naiturok sa bansa sa tantos na 242 na dosis sa bawat 100 ka tao. (Nangunguna sa mga bansa ang Gibraltar na nakapagturok ng 94,469 dosis sa tantos na 280 na dosis kada 100 ka tao.) Nasa 11.3 milyon ang populasyon ng Cuba.

Sa ngayon, dalawang sariling-gawang bakuna ang ibinibigay sa bansa—ang Soberana 2 at Abdala na parehong may "booster shot" na Soberana Plus.

Nailathala noong Setyembre sa Lancet Regional Health-Americas, isang internasyunal na publikasyong medikal, na nasa 91.2% ang *efficacy* (bisa) ng dalawang dosis ng Soberana at isang dosis ng Soberana Plus. Ang Abdala ay nagtala ng 92.8% *efficacy*. Tulad sa Soberana, ibinibigay ang pangalawang dosis matapos ang 28 araw at ang *booster shot* matapos ang 56 na araw mula unang dosis.

Ang mga nahawa at nakaligtas sa Covid-19 ay tinuturukan ng isang dosis na lamang ng Soberana Plus.

**Paglaban sa sangsyon**

Bilang pakikiisa sa mamamayang Cubano, inilunsad ang mga pagkilos sa mahigit 80 syudad sa iba't ibang bahagi ng buong mundo noon ding Nobyembre 15. Dagdag sa US, nagkaroon ng mga rali sa Greece, Kazakhstan, Ukraine, Belarus, Ecuador, East Timor, China, Peru, Dominican Republic at iba pa sa ilalim ng panawagang "Let Cuba Live" (Hayaang mabuhay ang Cuba).

Bago nito, daan-daang mga personalidad, kabilang ang dati at kasalukuyang mga presidente sa Latin America, ang pumirma sa pinagisang pahayag para kundenahin ang sangsyon ng US laban sa ekonomya ng Cuba, at ipanawagan ang kagyat na pagtanggal sa mga restriksyon. Kinundena rin nila ang pagtatangka ng US na "lumikha ng anarkiya at gulo" sa loob ng Cuba sa "solong intensyon na magpwesto ng isang sistemang pampulitika na umaayon sa mga interes nito."

Umaabot sa 243 bagong restriksyon na ipinataw sa panahon ni Donald Trump ang pinananatili ng kasalukuyang rehimen ni Joseph Biden. Dahil dito, lalupang dumanas ng kakulangan sa batayang suplay ang bansa, kabilang ang mga suplay medikal na krusyal sa mabilis na paglikha at pagturok ng mga bakuna.

Liban sa Cuba, tuluy-tuloy din ang pagtatangka ng US na guluhin at palitan ang mga halal na mga rehimen sa Nicaragua at Venezuela. AB